



PROLOGUE

Philippine Military Academy, Baguio

Tahimik na kumilos si Penny sa dilim. Pakiramdam niya nakasalalay sa gagawin niya ang magiging kinabukasan niya. Bawal kasi ito. At kung mahuhuli siya, sigurado siyang mapapatalsik siya sa PMA.

Pero kung hindi niya ito gawin, sigurado rin na mapapatalsik siya kapag nalaman ng mga kaklase niya ang pinakatagu-tago niyang sekreto.

Wala siyang choice. Kailangan niya itong gawin.

Tumalungko siya sa likod ng mga puno at hinintay na dumaan ang dalawang MP na nagroronda. Buti na lang at palayo ang mga ito sa lugar kung saan niya kailangang pumunta. At iyon ay ang dreaded rope course ng Academy.

Tila aninong sumabay siya sa pagkilos ng mga dahon sa hangin habang mabilis na naglalakad, nagkukubli sa mga puno. Tahimik siya, halos invisible. Pero mas suwerte ang dahilan kaysa galing kaya niya narating ang rope course nang walang nakakasalubong.

Tiningala niya ang nagtatangkarang istraktura na gawa

sa kahoy at ang mga lubid na kailangan niyang akyatin at tawirin. Nasa ibaba pa lang siya ng cargo net, nanginginig na siya. At hindi iyon dahil sa lamig ng hangin kundi dahil sa matinding takot.

Because she, Cadet First Class Marie Penelope Fernandez, was afraid of heights.

Inabot niya ang cargo net at tiningala ang pinakatuktok niyon na sa tingin niya ay umabot na sa buwan. Nadama niyang halos mahiwa ng lubid ang mga palad niya sa higpit ng kanyang hawak bago siya umiling at bumitaw roon.

“Masyadong delikado, Penny,” bulong niya sa sarili. “Wala kang kasama. Paano kung makabitiw ka? Walang sasalo sa ‘yo!”

So saka mo na lang gagawin, gan'on? Kung kelan may makakapanood sa 'yong mangisay sa takot? Para bumagsak ka sa course mo, mapatalsik sa Academy at magdala ng kahihyan sa pamilya?

Shet.

Kaya nga siya nandito ngayon nang disoras ng gabi, di ba? Para walang makakita sa kanyang umiiyak habang tinatakbo ang obstacle course.

Inilibot niya ang tingin sa paligid. Ang totoo ay wala siyang problema sa ibang obstacles. Mabilis siyang tumakbo. Maliksi siya, magaan ang katawan at fit. Iyon lang talagang mga kailangang akyatin ang problema ni Penny, gaya nitong cargo net, iyong mga lubid na kailangang tawirin—

Biglang natigilan si Penny nang mapansing hindi na lang ihip ng malamig na hangin ang naririnig niya kundi pati mababa at mahinang ugong na unti-unting nagiging

malinaw—mga lalaking kumakanta ng cadence! Palapit nang palapit ang tunog hanggang sa nakikita na rin niya ang liwanag na nagmumula sa mga flashlights.

Shit ulit!

Saglit siyang nataranta bago siya nagsimulang tumakbo pabalik sa kakahuyan. Minsan—o madalas—tinotopak ang mga upperclassmen na manggising ng mga plebo nang alas dos ng madaling araw. Minsan ay para mag-jogging, minsan ay para mag-swimming sa malamig na tubig ng pool. Nagkataon pang obstacle course ang napili ng mga ito ngayon—kung kailan naroon siya!

Sana, sana, *sana* hindi ang unit na kinabibilangan niya ang napiling gisingin ng mga ito ngayon dahil kung iyon nga ang kaso, tiyak na alam na ng mga ito na wala siya sa barracks at hinahanap na siya.

Maling-mali itong ginawa niya!

Nagtagal pa siya nang kaunti sa pinagkukublihan hanggang sa umilaw ang mga floodlights at nalaman niya kung sino ang mga napiling i-harrass ng mga lalaking iyon ngayon. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang taga-ibang company ang mga pupungas-pungas pang plebo na kasalukuyang pinagja-jumping jacks na.

Marahang umatras si Penny mula sa kinatatayuan. Kung magpapatuloy ang suwerte niya, walang makakapansin sa kanya. Nang malayo-layo na siya, agad siyang pumihit patalikod sa obstacle course at nagsimulang tumakbo.

Para lamang mabangga sa matipuno at malapad na dibdib ng isang lalaking nagtaas ng kamay para takpan ang bibig niya.

Namilog ang mga mata ni Penny at umakyat sa

pupulsuhan ng lalaki ang isa niyang kamay habang itinutulak siya nito paatras hanggang sa tumama ang likod niya sa puno.

Noon siya nagpatingin sa matinding pagkakasimangot ni Cadet First Class Christopher Pascua, ang kasalukuyang highest ranking cadet, hindi lang sa academics kundi maging sa puso ng mga babaeng kadete.

“Cadet Kisig” ang sekretong tawag dito ng mga mistah niya. Huwag lang nitong malalaman dahil siguradong lagot ang pasimuno niyon. Pero hindi masisi ni Penny ang nagbansag dito ng palayaw na iyon. Ang kisig at ang guwapo naman kasi talaga nito.

Lahat kasi ng kadete, parang ang guwapo kapag nakauniporme. Pero pag nakasibilyan na, *wala na*. Itong si Cadet Pascua, kahit ano ang ipasuot mo, bagay. He had boyish good looks na kung titingnan ay mas bagay sa hero ng chick flick. Pero ang katawan naman—pang R-rated movie!

Iyon ang sabi ng mga bunkmates niya. Hindi iyon napapansin ni Penny.

Ngayon lang dahil nakasandal siya sa puno at nakadikit ang harapan nito sa harapan niya at halos manuot sa suot nilang camouflage uniforms ang init ng katawan nito.

Dahil nakatingin siya sa mga mata ng lalaki, napanood niya ang pagtakas ng maigting na ekspresyon sa mukha nito. Napalitan iyon ng gulat at pagkalito. Binitawan siya nito at agad na lumayo.

“What are you doing here, Cadet?”

Kinailangang lumunok ni Penny nang ilang beses bago siya nakapagsalita. “Sir, I was... I was...”

“You were?” inip nitong tanong.



'Eto na, paano na? Lord, mapapataksik na talaga siya. Kahit anong paliwanag niya, hindi puwedeng palampasin ni Cadet Pascua ito.

We, the cadets, do not lie, cheat, steal, nor tolerate among us those who do.

Ire-report siya ng lalaki dahil sumuway siya sa curfew. Kung hindi naman, ire-report ng lalaki na takot siya sa heights at hindi maaaring maging sundalo. Either way, goodbye, PMA.

“Sir,” simula niya na hindi sinasadyang magsimulang mangatal ang tinig. “Pupunta po sana ako sa obstacle course. Gusto ko po kasing mag-practice.”

Muling nagsalubong ang mga kilay nito. “Practice? Anong oras na, Cadet?”

“Alam ko, sir. Pero kasi hindi ako p’wedeng mag-practice nang may kasama.”

“Mas lalo kang hindi puwedeng mag-obstacle course nang mag-isa sa dilim—”

“Hindi po ako puwedeng mag-practice nang may makakakita,” sa wakas ay pag-amin na lang niya. Kumabog ang kanyang puso sa takot at panghihinayang. She was going to get expelled, anyway. Bakit pa siya magsisinungaling? Huminga siya nang malalim. “Sir, I’m afraid of heights.”

Tumaas ang mga kilay ni Cadet Pascua. “Paano ka nakapasa dito kung takot ka sa heights?”

“Yung physical exam, pineke ko lang ’yun, sir,” mangiyak-ngiyak niyang paliwanag. “Kinaya ko nang isang beses. Pero hindi ko na kayang ulitin ’yun nang walang nakakahalata na takot ako kapag nasa ere. Tuwing tatakbuhin ko ’yung course, pahirap siya nang pahirap

itago, sir. Gusto ko lang pong mag-practice. Gusto kong sanayin ang sarili ko na umaakyat sa cargo net. Kung mabibigyan ako ng sapat na pagkakataon na akyatin iyon na malaya akong manginig o umiyak kung kailangan ko, alam ko pong kakayanin ko, eh. Ngayon lang po kasi 'yung available na oras para gawin ko 'yun."

Takot na takot siya, nanghihinayang, pero nakapagtataka na parang nabunutan siya ng tinik dahil may napagsabihan na siya ng kanyang deep, dark secret.

"Ilang beses mo na 'tong ginagawa?" tanong ni Cadet Pascua. Hindi niya alam kung naantig ito sa sinabi niya dahil hindi niya mabasa ang tono nito.

"Ngayon lang, sir. Kahapon lang po kasi ako muntik mag-breakdown kaya naisip kong kailangan ko nang gawin 'to."

Muli siya nitong pinagmasdan. Muli siyang napalunok. Sa loob-loob niya, tinatawag na niya lahat ng santo na ka-close niya. Hindi niya sigurado kung ano ang gagawin nitong si Cadet Pascua. Sana pabalikin na lang siya sa barracks. Pero malabo iyon. Mali ang ginawa niya. Kailangan niya iyong pagbayaran.

Sige na po, St. Jude Thaddeus. Sana po lumambot ang puso niya.

Saglit nilingon ng lalaki ang mga plebo na nagsisimula nang magsitakbo sa obstacle course sa likuran nila makalampas lang ng kakahuyan. Nahigit ni Penny ang hininga nang bumalik sa kanya ang mga mata ni Cadet Pascua.

"Hindi ka puwedeng tumakbo sa obstacle course nang mag-isa lalo na sa madaling araw," sabi nito. Tumango si Penny habang nakatingin sa lupa. Pero nag-angat siya ng



ulo sa gulat nang magpatuloy ang lalaki. “Kung talagang gusto mong mag-practice, bumalik ka rito ng 1745 bukas. Sasamahan kita para may supervision ka.”

1745 hours, 5:45 ng gabi. Evening mess iyon, oras ng hapunan, pero kung hindi siya isusumbong ni Cadet Pascua at pabalik siya nito ngayon sa barracks nang walang alingasngas, hindi siya magreklamo kahit pa patakbuhin siya nito sa obstacle course kada oras ng kainan.

Halos maiyak siya sa tuwa at pumalakpak pa. “Opo, sir! Thank you po, sir! Maraming salamat—” Nahuli niya ang sarili at tumikhim. “I mean, sir, yes, sir.”

Tumango nang isang beses si Cadet Pascua. “Back to your barracks. I’ll see you tomorrow.”


Tumuwid si Penny at sumaludo. “Sir, yes, sir.”

Hindi niya sigurado kung umangat ba ang isang sulok ng mga labi ni Cadet Pascua nang ibalik nito ang saludo niya. Madilim kasi at medyo nabubulag si Penny sa luha niya. Matapos ang saludo, tumakbo na siya pabalik sa barracks.

She wasn’t going to get into trouble. She wasn’t going to be expelled. She was also going to be able to practice running the stupid obstacle course to her heart’s content until she conquered it. She was going to make it.

Nakabalik na siya sa silid, nakabihis na ng pantulog at nasa ilalim na ng kumot niya, yakap ang unan niya nang mapagtantong ibig din niyong sabihin ay magkakaroon sila ng private time ni Cadet First Class Christopher Pascua. Baka ma-in love siya rito! Kinagat niya ang labi at nagtalukbong saka sinubukang matulog.

But at that time Penny had already fallen in love with him. She just didn’t know it yet.

A decorative wreath border made of intricate scrollwork and floral patterns, framing the chapter title.

CHAPTER 1

Sinaluduhan ng MP si Captain Christopher Pascua nang magkasalubong sila habang papunta siya sa bago niyang opisina sa *Malacañang Palace*.

It was a temporary reassignment as far as everyone knows pero hindi iyon ganoon kasimple. Dahil sa magandang military record, na-recruit si Chris na maging bahagi ng *Sentinels*, isang undercover at highly classified team na binubuo ng mga sundalo at pulis, both former and active duty, na ang nag-iisang tungkulin lang ay protektahan ang Pilipinas.

Front ng mga ito ang pagiging security and investigative agency pero karamihan sa mga misyon ng grupo ay may kinalaman sa counter-terrorism, unconventional warfare, hostage rescue, and defense among other things.

Ngayon, ang primary mission objective nila ay humalili sa *Presidential Security Group* matapos ang nakuhang intel na may grupong nagbabalak na i-assassinate ang pangulo.

Kasalukuyang naka-assign ang lahat ng active duty *Sentinels* sa pangulo, sa ikalawang pangulo, at sa Senate

President habang lahat naman ng mga *Sentinels* na wala na sa serbisyo ay kasalukuyang kumakalap ng intelligence kasabay ng mga active missions nila.

Point of pride ni Chris ang mapili para maging bahagi ng grupo. Hindi siya mahihiyang aminin na mga idol niya noong kadete pa siya sina Cameron Herrera na kasalukuyan niyang CO sa *Sentinels*, at si Major Donnie Llanes na ngayon ay kasamahan niya. One year ahead lang ang dalawa sa kanya noon sa *PMA* kaya nasaksihan niya kung gaano talaga kagaling ang mga ito. Saka hindi lang kasi naging inspirasyon ang mga ito sa kanya, naging kaibigan din niya ang mga ito at malaki ang naitulong para mahulma ang pagkatao niya bilang kadete at bilang sundalo.

Kaya nang lapitan siya ng mga ito para tanungin kung gusto niyang maging *Sentinel*, walang tanong-tanong na pumayag si Chris. Ikinatuwa rin niya nang makilala ang mga *Sentinels* nang una siyang pumunta sa opisina ng mga ito. Karamihan sa mga ito ay kilala na niya sa pangalan at maganda ang reputasyon sa *PMA* at sa *Hukbong Sandatahan*. Hindi siya magdadalawang-isip na sumabak sa laban na ang mga ito ang kasama.

Sa malayo, nakita ni Chris ang dalawang sundalo na suot ang black, white at gray na camouflage uniform ng mga *PSG*. Katulad iyon ng kasalukuyan niyang suot. Medyo nanibago siya dahil sanay siya sa combat uniform ng unit niya, ang *Scout Ranger Regiment*, pero kailangan kasi. Uniporme, eh.

Habang papalapit ang dalawa, napuna niyang nakatingin ang mga ito sa kanya. Bahagya siyang ngumiti para ipaalam na napansin na niya ang mga ito. Saka niya napagtantong babae pala ang mga kasalubong. Matangkad

at balingkinitan ang isang nakapusod ang buhok, at mas maliit at mas bilugan ang isa na naka-boy's cut. Namimilog ang mga mata ng mas maliit na babae at nakaawang ang mga labi nito habang nakatingin sa kanya.

Nagsimulang kumunot ang noo ni Chris lalo na't bumagal ang paglalakad nito at huminto ito may sampung talampakan mula sa harapan niya.

Sinulyapan niya ang insignia sa uniporme nito at ang name tag. Lieutenant Fernandez.

Pero bago pa niya maitanong dito kung may dumi ba sa mukha niya, bumagal na rin ang paglalakad niya hanggang sa huminto siya sa harapan nito na namimilog na rin ang mga mata at nakaawang na rin ang mga labi.

“Penelope?”

Sumungaw ang matamis at pamilyar na ngiti sa mga labi nito. “Good morning, Captain.”

Hindi napigilan ni Chris ang malakas na tawa bago wala sa sariling lumapit sa babae at ibinalot ang mga braso rito. Tumawa rin si Penelope at gumanti ng yakap. Inilayo niya ang sarili rito, hawak pa rin ito sa mga braso habang pinagmamasdan ito.

Noong makilala niya ito sa Academy, medyo chubby ito. At dahil maiksi ang gupit ng kadeteng babae, bilog na bilog ang mukha nito. Imbes na Penny, binansagan niya itong Penoy dahil mukha itong itlog. Iniirapan lang siya nito noon at tatawa lang siya.

He thought she had been cute then. Pero ngayon habang pinagmamasdan ito, hindi na ito cute. Nag-mature na ang mukha nito. Naroon pa rin ang kinang sa mga mata nito at ang tamis sa ngiti. Boy's cut pa rin ang buhok nito pero hindi na gupit kadete. May style na.



At kahit pinigilan niya ang sarili para huwag bumaba sa katawan nito ang mga mata, hindi pa rin niya napigilan ang mabilis na pagtingin doon. Hindi niya masabi kung tulad noon ay bilugan pa rin si Penny. Hindi kasi iyon halata sa unipormeng suot nito. Gayunpaman, ikinatuwa niyang hindi na ito tulad noong nasa academy sila na tila ba halamang *makahiya* ito na bigla na lang tumitiklop kapag may nakakabangga ito sa daan. Mukhang nalampasan na nito ang insecurity sa height nito. Ito kasi ang pinakamaliit sa lahat ng mga plebong pumasok nang taong iyon.

Tuwid ang tayo nito at maganda ang tindig. She was also holding her chin up as she looked at him, at hindi lang dahil higit siyang matangkad dito kundi dahil halata ang kumpiyansa nito sa sarili.

Hindi niya namalayang nakangiti na pala siya at napatagal ang titig dito. Nang matauhan, binitawan niya ito at humakbang siya palayo pero nanatili siyang nakangiti. “Kumusta ka na? Ang tagal na nating di nagkita!”

“Three years na, sir,” sabi nito bago namula ang mga pisngi.

“Teka, n’ung graduation mo ba tayo huling nagkita?”

“Opo,” nahihiya nitong saad. “PSG ka na rin pala, sir.”

“Temporary lang. Ikaw, kailan ka pa PSG?”

“Nitong administrasyon lang, sir.”

“Hand-picked po siya ni President Marfori, sir.”

Siniko ni Penny sa tagiliran ang kasama nito bago nito sila ipinakilala sa isa’t isa. Nakipagkamay siya kay Sgt. Glenda Fariñas na malaki ang ngisi sa kanya.

“Kanino kayo naka-assign, sir?” muling tanong ni Penny.

“Kay President Marfori mismo. Close-in security ako.

Kayo?”

“Sa kapatid po ni Presidente, si Miss Cassidy.”

“Ah. Okay naman ang trabaho? Madali lang naman siyang bantayan?”

Tumango-tango ang dalawa.

“Mabait siya, sir,” sagot ni Glenda. “Gusto nasa bahay lang. Tutugtog lang siya ng violin niya.”

Prodigy kasi ang nakababatang kapatid ni President Marfori. Nagsimula itong tumugtog ng violin noong tatlong taong gulang pa lang ito. Noong walong taong gulang ito, tumugtog ito para kay Queen Elizabeth at para sa Santo Papa.

“Opo nga, sir,” dagdag ni Penny. “Umaalis lang kami kapag gusto niyang kumain sa labas. 'Yun lang ang bisyo niya, 'yung isa-isahin ang lahat ng restaurants sa Pilipinas.”

“Di mabuti pala, madali ang trabaho n'yo.”

“Medyo mahirap lang minsan, sir, kasi Inglisera siya!” dagdag ni Glenda.

Muling natawa si Chris bago siya napatingin sa suot na wristwatch. “Anyway, kailangan ko na munang magpakita sa opisina.”

“Ay, sige po, sir,” ani Penny. “Baka ma-late kayo.”

“Pero wala pa naman akong trabaho ngayong araw. Kung libre kayo ng lunch mamaya, gusto ninyong lumabas? Para makapagkwentuhan tayo?” Siniguro niyang parehong tingnan ang dalawa para ipakitang hindi lang si Penny ang kasama sa imbitasyon niya.

“Naku, sir!” mabilis na hirit ni Glenda. “May gagawin kasi ako ng lunch pero itong si Lt. Liit, libre 'to.” Itinulak pa nito si Penny na muntik masubsob sa dibdib niya kung di lang nito naitukod sa mga balikat niya ang mga palad.



Sinalo niya ito at mahigpit na hinawakan sa mga braso.

“Ay, sorry po, sir!” hiyang-hiya nitong saad na di malaman kung papagpagin ang uniporme niya o ano bago ito nagmamadaling lumayo sa kanya. Nagpigil ng ngiti si Chris nang pandilatan ni Penny ang kaibigan.

“Itong babaeng ’to, walang galang sa ranggo!”

“Napalakas lang ’yung tulak ko, ma’am!” mabilis na bawi ni Glenda pero halatang hindi nito pinagsisisihan ang ginawa. “Alam n’yo naman ako. Di ko tantyado ang lakas ko!”

“Ewan ko sa ’yo! Ipag-push ups kita d’yan, eh!” hirit ni Penny.

“So okay lang na puntahan kita mamayang lunch?” tanong niya sa babae na biglang napatingin sa kanya, namimilog ang mga mata.

“Ah, ano po—”

“Okay lang po, sir!” sabat ni Glenda na pilyang nakangisi. “Hihintayin niya kayo. Matagal na rin kayong di nagkikita, di ba?”

Hindi na napigilan ni Chris ang tawa nang suntukin na ni Penelope sa braso ang madaldal na kaibigan bago ito nahihiyang bumaling sa kanya.

“Eh, siges po, sir. Pero mga ala una pa po ako makakalabas.”

“Saan ba kayo, sa *Bahay Pangarap*?”

“Opo.”

“Siges. Pupuntahan na lang kita mamaya.”

Muling namula ang mga pisngi ni Penelope bago ito mabilis na tumango. “Siges, sir.”

He grinned at them. “See you later!”

“Opo.”

Kumaway siya sa mga ito bago nilampasan ang dalawa. Hindi pa siya nakakalayo, narinig na niya si Glenda.

“Ang guwapo naman ni sir! Siya’yung si Cadet Kisig Chris na crush mo sa Academy, ano? Aray naman!”

Hindi na itinago ni Chris ang ngisi. Sayang at mabilis na lumayo ang dalawa. Hindi na tuloy niya narinig ang sagot ni Penny sa kasama.

Noong nasa *PMA* pa sila, madalas silang matukso sa isa’t isa. Naging mentor kasi siya nito noon. Kaya lang, plebo pa lang kasi si Penny, fourth year na siya. Anak pa ito ng isang heneral. Kaya mabilis niyang sinasaway ang mga kaibigan bago pa makapanukso ang mga ito o kahit magtanong man lang kung ano ba talaga ang lagay nila.


Hindi niya alam kung may nakapansin na hindi niya direktang sinasagot kapag may nagtatanong kung may gusto ba siya sa dalaga. Basta protective siya rito. Ni minsan din hindi siya nakarinig ng komento mula rito tungkol sa kanya. Hindi rin tuloy niya alam kung crush nga ba siya nito gaya ng sinasabi ng mga kaklase nila.

Isa pa, hindi kasi siya komportable na may crush sa kanya ang isang subordinate. Pakiramdam niya mali. Kaya hindi niya pinatulan ang mga tukso sa kanila. Hindi rin niya pinansin ang sarili niyang interes kay Penelope.

Well, graduate na sila ngayon. At kung mas mataas man ang ranggo niya rito, hindi naman siya ang commanding officer nito.

P’wede!

Mag-isang natawa si Chris habang naglalakad. Wala naman siyang masamang balak. Curious lang siya sa mga maaaring mangyari. Ito kasi ang pinakamalaki niyang what-could-have-been.



CHAPTER 2

Bago dumating ang tanghalian, di mapakali si Penny sa kinauupuan habang tinutulungan nila ni Glenda na maghiwa ng mga putahe ng lututun nitong kare-kare si Cassidy Marfori, ang nakababatang kapatid ng pangulo. Buti na lang at likas na madaldal si Glenda dahil kung di baka walang nagsasalita sa kanila dahil pareho silang tahimik ni Miss Cassie. Lalo na ngayong hindi siya makapag-concentrate. Distracted siya at kinakabahan.

“Ateng, kare-kare ang lututuin ni Miss Cassie. Tinadtad mo naman ’yang sitaw.”

Nagulat pa siya nang makitang halos kasing-laki na lang ng green peas ang sitaw niya. “Ay, sorry!”

“You’re distracted today,” puna ni Cassidy.

“I’m so sorry,” ulit niya bago nagmamadaling iniligpit ang minurder niyang sitaw na para bang kung bibilisan niya iyong itapon sa basurahan, hindi iyon mapapansin ng babae.

“She’s waiting for her forever crush!” kinikilig-kilig na sabi ni Glenda.

“Really?” Namimilog na ang mga mata ni Cassie nang sundan siya nito ng tingin. “Is he coming here?”

“He’s picking her up for lunch,” muling sagot ni Glenn para sa kanya.

“Oh. So he’s a soldier, too?”

“Yes!”

“Glenda,” babala niya bago naupong muli sa tabi ni Cassidy sa kitchen island.

“Come on!” natatawang tukso ni Cass. “Kuwento!”

“Oo nga!” tawa rin ni Glenda. “Napapa-Tagalog na si Miss Cass sa ’yo! Magkuwento ka!”

Umikot ang mga mata ni Penny pero umabot siyang muli ng mga sitaw para muling tumulong na maghiwa. “Wala naman akong ikukuwento.”

“Wala raw, eh, halos magkapasa ako sa higpit ng kapit niya kanina n’ung nakasalubong namin si Captain Pogi!” Gusto niyang batuhin ng sitaw ang nakangising kaibigan. Lalo na nang bumaling ito kay Cassidy para muli siyang ibuking. “She’s been in love with him since they were in the Academy!”

Hinarap na rin siya ng babae. “That’s so sweet! Is this the first time you saw him again since then?”

Bumuntong-hininga na si Penny. Romantic at heart kasi talaga ang babae. Bukod sa violin nito, adik din ito sa mga romance pocketbooks. Nang maubusan ng mga English na libro, kahit iyong mga baon ni Glenda na Tagalog romance, pinatulan na nito. Magaganda raw kasi ang mga kuwento at natutulungan pa itong mag-practice mag-Tagalog.

Sige na nga! Magkukwento na siya.

“Yes,” sagot na niya. At nang pilitin siya ng dalawa,



ikinuwento niya kung paano sila nagkakilala at naging “close” ni Chris.

Kinilig si Cass nang matapos niya ang kuwento. “Oh, my gosh! I never realized that an obstacle course would be so romantic!”

Hindi nga siguro. Sa kanilang dalawa ni Chris, malamang siya lang ang kinilig nang ganoon habang tinutulungan siya nitong malampasan ang takot niya sa heights. Duda siyang naaalala nito ang bawat sandaling hinawakan nito ang kamay, braso, balakang at baywang niya, kung paanong nakatatak ang mga iyon sa isip ni Penny.

Nanatili kasing gentleman si Chris noon, impersonal at parang kuya lang na tinuturuan ang nakababata nitong kapatid. Walang malisya ang mga hawak nito. Malamang nga hindi na nito naaalala ang mga nangyari sa pagitan nila. At kung may nangyari man noon na nakakakilig, baka interpretation lang iyon ng puso ni Penny na may matinding crush sa lalaki.

“Did he...” Inikot-ikot ni Cassidy sa ere ang hawak na kutsilyo habang iniisip ang tamang salita para sa gustong itanong. “What’s the word? Ligaw? Did he make ligaw?”

“Ha? Hindi!” bulalas niya, tumatawa. “No! He was just a friend. Well, actually, he was more of a mentor than a friend.”

“Iniyakan mo siya n’ung gumradweyt siya, ano?” sabat ni Glenda, pero alam niyang biro lang iyon ng kaibigan.

Hindi siya sumagot kasi totoong umiyak siya nang magtapos si Chris. Number one ito sa klase at ito ang tumanggap ng *Presidential Saber*. Sabi niya, proud na proud lang siya rito kaya siya naiyak pero ang totoo,

iniyakan niya na hindi na niya ito araw-araw makikita at mami-miss niya ito. Hindi sapat na bumabalik-balik ito sa academy at hinahanap siya nito kapag naroon ang lalaki. Pero nang magtapos na rin siya, hindi na sila muli pang nagkita ni Chris.

Kanina na lang.

Pagkatapos ngayon, susunduin pa siya nito para lumabas sila at mag-catch up.

“Ay, wala na. Lumipad na naman ang isip,” sabi ni Glenda, at nahuli niya ang sariling muling natulala.

Inirapan niya lang ulit ang babae na namimihasa na sa panunukso. Ngayon lang naman siya ganito. Nakita kasi niya ulit si Chris. Kapag wala naman ito, alisto siya at tutok na tutok sa trabaho.

Naku, kailangan pala niyang ipaalala sa sarili iyon. Mamaya masyado siyang ma-distract sa kakaisip dito, may makalusot na assassin at masaktan si Cassidy o ang isa sa mga kasamahan niya. Hindi niya mapapatawad ang sarili!

Nang muli siyang mag-angat ng tingin, napansin niyang pinagmamasdan siya ng dalawa, isang morenang may pilya at mapang-asar na ngiti at isang mestisa na kagat-kagat ang pang-ibabang labi.

“Huwag na nga!” sabi niya na nadaramang nag-iinit ang mga pisngi bago niya hinablot ang isang talong para hiwain.

“Ay! Nag-practice nang mandakma ng talong!” tili ni Glenda bago ito humagalpak ng tawa.

“What does that mean?” curious na tanong ni Cassie. At bago pa ito masagot ng kaibigan, inasinta niya si Glenda saka niya hinagis ang talong. Sapul ito sa noo! Pero mas lalo lang siya tinawanan ng dalawa. At muling



nagpumilit si Miss Cassie na ipaliwanag nila kung ano ang ibig sabihin ng sinabi ni Glenda.

“You know, when you make dakma the captain’s talong,” paliwanag nito sabay demo.

At nang maintindihan ni Cassie ang gusto nitong ipahiwatig, namula ang mukha nito kasabay ng pamimilipit sa katatawa.

“Ikaw, kung anu-ano itinuturo mo kay Miss Cass! Baka mamaya nand’yan na pala si Presidente, marinig ka d’yan. Tanggal tayong dalawa!”

“Wala naman! Tatakbo dito si Isko kung parating na si sir. Saka okay lang naman ’yun kay Miss Cassie. Di ba, ma’am?” tanong nito sa babae.

“Oh, yes, it’s okay!” giit ng huli. “Don’t worry too much about it, Penny. I love that we’re friends.” Nagbago ang ekspresyon nito, biglang bumahid sa mukha ang pag-aalala. “We are friends, right?”

“Siyempre naman, Miss Cass!” mabilis na sagot ni Glenda. “Kami na ni Penny ang best friends mo dito sa Pinas.”

Napangiti na rin si Penny at tumango nang sulyapan siya ni Cassidy. Napansin kasi niya iyon sa babae. Mahiyain ito at mailap sa tao pero halatang komportable ito sa kanila ni Glenda.

Naisip niyang baka nga dahil prodigy ito at hindi nagkaroon ng matatawag na normal na pagkabata kaya hindi rin ganoon karami ang mga kaibigan nito.

“Of course, Miss Cassie. We’re your friends.”

Muling nagliwanag ang ngiti sa maganda nitong mukha bago mahiyaing tumungo sa hinihiwa nitong gulay.

Nakikiusyoso na sila ni Glenda sa kaserola nito nang may kumatok sa pinto ng kusina. Sabay-sabay nilang nilingon si Isko na isa sa mga pinakabata sa team nila.

“Ma’am,” tawag nito sa kanya. “Hinahanap po kayo ni Captain Pascua—” Sabay na tumili sina Cassie at Glenda na ikinagulat ni Isko. “Ay, sikat pala si sir?”

“Huwag nga kayong maingay!” saway niya. “Nasaan siya?”

“Sa labas, ma’am. May clearance naman siya kaya lang hindi ko makalimutan n’ung pinagalitan n’yo ako kasi nagpapasok ako ng janitor na may clearance din kaya sinabihan ko si sir na sasabihan ko muna kayo.”

Hindi niya alam kung bakit parang sa kanya lahat napunta iyong mga makukulit at walang galang. Hindi, hindi naman sa walang galang ang mga ito. Istrikto rin ang mga tauhan niya pagdating sa protocols. Makukulit lang talaga.

“Sige na, sige na. Lalabas na ’ko.”

Nakita niyang nagkatinginan sina Glenda at Cassie bago iniwan ang kare-kare sa kalan at nagmamadaling sumunod sa kanya kasama ni Isko na sigurado niyang na-curious sa reaksyon ng dalawang babae.

Nakatayo sa foyer si Chris. Nakatalikod ito sa kanila kaya kinuha niya ang pagkakataon para pagmasdan ang maganda nitong tinding at ang malalapad na balikat. At nang mamalayan nitong parating na siya, lumingon ito, ngumiti saka humarap sa kanya.

Nadama niyang lumundag ang puso niya. Akala niya noong nasa *PMA* sila, ito na ang pinaka-macho sa lahat ng macho! Mukha pa pala itong totoy noon kung ikukumpara sa hitsura nito ngayon.



Mas mature na ang mukha nito, pero mas lalong itong gumuwapo. Malinis pa rin ang gupit at ang pagkakaahit pero mas lalaking-lalaki na ang dati nitong boyish features. Kung dati ay puso lang ni Penny ang natutunaw sa tuwing ngingiti ito, ngayon puson na rin, este, panty pala...

Ay! Ano ba?

Tumango ito sa kanya bago dumako sa likuran niya ang mga mata. “Good morning po, ma’am,” bati nito kay Cassie saka ngumiti rin kay Glenda.

“Good morning,” sagot ni Cassidy na nakatingin sa insignia sa uniporme ni Chris at sa name tag nito. “Captain? Captain Pascua. I’m sorry. I’m still learning what the different insignias on your uniforms mean.”

“It’s okay, ma’am. And yes, it’s captain.”

Saglit na nakadama ng selos si Penny, isang emosyon na alam niyang wala siyang karapatang maramdaman. Sino ba siya para maging possessive kay Chris? Saka malay ba niya kung may girlfriend o nag-asawa na pala ito mula nang huli siyang nakibalita tungkol dito. Isa pa, hindi nakapagtataka kung mapa-doubletake ito kay Miss Cassidy! Eh, mas maganda pa kay Penny ang talampakan ng babae!

Saka iyong katulad siguro ni Chris, mas gusto iyong mga babaeng bagay pangkuin, yakapin at alagaan. Di tulad ni Penny na kayang i-fireman’s carry ang six footer na lalaking teammate at di kailangang magpaalaga kahit pa naliligaw na sila sa gubat nang walang dalang pagkain o tubig.

Sabagay, baka mas kailangan siya ni Chris. Sundalo rin ito. Kung mabaril ito sa gitna ng gubat, kaya itong

buhatin ni Penny hanggang sa makarating sila sa sibilisasyon.

Kung saan-saan na naman napunta ang isip niya.

“I’d invite you to lunch pero hindi pa kasi luto ’yung kare-kare ko,” narinig niyang sabi ni Miss Cassie.

“Eh, kung gusto naman po ni Penny na dito na lang kumain—”

“Naku, no!” Nagulat silang lahat sa bulalas ni Cassie. “Ano kasi, she’s already hungry. You guys go. Have fun!”

Halos ipagtulakan sila nito paalis. Halatang-halata naman ito! Kung di lang siya natutuwa rito at kung di lang ito kapatid ng presidente, kukurutin niya ito nang pinung-pino sa singit!

Parang hindi naman napansin ni Chris—ang dakilang manhid—na minamadali sila ni Cassidy. Tumango lang ang lalaki at bumaling sa kanya. “Halika na?”

“Okay.”

Sinundan pa sila ng tatlo para panoorin silang maglakad palayo. Tinapunan niya ang mga ito ng matalim na tingin bago tuluyang tumalikod. Halos umalingawngaw sa pandinig niya ang malutong na halakhak mula kay Glenda, bungisngis mula kay Miss Cassie at ang tsimosong mga katanungan mula kay Isko.

Naku, siguradong ikukuwento ng lalaking iyon sa lahat ng mga kasamahan nila na sinundo siya ni Captain Pascua at lumabas sila nito para mag-lunch!

Sa lalim ng iniisip niya, napalundag siya nang hawakan ni Chris ang braso niya. Mabilis nitong binawi ang kamay nang mahalata ang pagkagulat niya.

“I’m sorry. Nasanay kasi ako na inaalalayang bumaba ng hagdan ang mga babae.”



“Hindi, sir! Nagulat lang ako kasi hindi ako sanay na inaalalayan,” paliwanag niya na namumula ang mga pisngi.

“Hindi, sorry pa rin,” nahihiyang giit ni Chris. “Dapat kasi nagpapaalam bago manghawak ng babae. Buti nga di mo ako sinuntok!”

“Eh, sa braso lang naman ang hawak mo, sir. Kung sa baywang o sa balakang siguro, baka nga.”

Tumingin ito sa kanya. “Naaalala mo si Teodoro?”

“Pinagdarasal ko nga na sana huwag n’yo nang maalala ’yun.”

Nagsimulang tumawa si Chris at lalong namula ang mga pisngi ni Penny kasabay ng lalong paglambot ng puso niya dahil sa kabila ng pagiging macho at lalaking-lalaki nito, nanatiling cute at boyish ang tawa nito. Para lang itong batang bumubungisngis. Lihim siyang napangiti habang pasimple itong pinagmamasdan.

“Nagulat kami lahat n’un, eh,” kuwento nito na tumatawa pa rin habang naglalakad sila. Sinulyapan siya nito. “Ang layo kasi ng nilipad niya n’ung sinipa mo siya.”

“Nabastusan po kasi ako, sir,” defensive niyang saad. “Akala ko n’ung una, hindi niya sinasadya. Pero kasi n’ung huli, kinurot na niya ako sa puwet.”

Dahil nakatingin siya kay Chris, nakita niya kung paano mabilis napalitan ng madilim na ekspresyon ang pagkaaliw sa mukha nito. Hinampas niya ito sa braso.

“Uy, sir, matagal na ’yun. Saka ’yun nga, naturuan ko na siya ng leksyon.”

Umangat ang isang sulok ng mga labi ni Chris. Hindi niya alam kung paano nito nagagawang baguhin nang ganoon kabilis ang nadarama niya para rito. Kanina

lang cute na cute siya sa tawa nito, pagkatapos sa isang kisap-mata kinabahan siya dahil nagmukhang kontrabida sa action movie ang lalaki. Kinabahan siya lalo nang magsalita ito.

“Ako rin.”

Hinablot niya ang manggas ng uniporme nito.

Ay, close sila?

Huminto ito sa paglalakad at nilingon siya.

“Hala, sir! Ano’ng ginawa n’yo?”

“Wala!”

Pinandilatan din niya ito pero di tulad ng mga tauhan niyang nakukuha sa tingin, muli lang tumawa si Chris.

“Di nga, sir?” pangungulit niya. “Ano’ng ginawa n’yo? Ngayon ko lang nalaman ’to, ah!”

“Wala talaga,” sagot ni Chris na namimilog pa ang mga mata. Hindi siya nag-iwas ng tingin at pinaningkitan ito hanggang sa muling tumawa ang lalaki. “Wala nga,” ulit nito. At matapos ang isang maiksing patlang.

“Kinausap ko lang siya.”

Sumimangot si Penny at nagsimula silang muling naglakad. “Ano’ng sinabi n’yo? Baka naman sinindak n’yo siya.”

Nagkibit-balikat ito. “Kinausap ko lang talaga.”

“Weh? Walang naganap na violence?”

“Wala,” pangako nito.

“Eh, bakit n’yo siya kinausap, sir?”

Tiningnan siya nito. “Binastos ka niya, eh.”

Binastos *siya* ng lalaki, hindi dahil nambastos ito ng babae. *Siya*. Kinausap ni Chris si Teodoro dahil binastos *siya* nito specifically.

Heto na naman siya. Binibigyan na naman niya

ng kung anong kahulugan iyong mga ginawa ni Chris. Pinapakilig lang niya ang sarili. Mamaya tumindi na naman ang crush niya rito gayong alam niyang wala iyong patutunguhan.

Huminto sila sa tabi ng isang dark blue na *Toyota Corolla*. Binuksan nito ang pinto ng sasakyan para sa kanya.

“Ay, saan po ba tayo pupunta, sir?” tanong niya.

“Saan mo ba gusto?”

“Kahit nga po sa mess hall lang, okay na ako.”

“Walang kaso sa 'kin kung doon mo gusto.”

Pero bago pa niya ito muling maaya roon, naisip niyang kapwa nila *PSG* ang naroon, lahat magigiting na sundalo, lahat chismoso lalo na pagdating sa kanya na anak ni General Rolando Fernandez na kasalukuyang Chief of Staff ng *Armed Forces of the Philippines*.

Ganito kasi iyon. Kung doon sila kakain, siguradong pag-uusapan sila ng mga makakakita sa kanila. Iyon ba ang dahilan kung bakit gusto ni Chris doon? Gusto nitong makita at mapag-usapan sila?

Minsan na kasi siyang nakipag-date sa isang opisyal na mas mataas ang rango sa kanya. Lagi siya nitong inaaya sa mga lugar kung saan makikita sila ng marami, lalo na ng mga commanding officers nila.

Nang sa wakas ay napansin niyang madalas nitong kumustahin ang daddy niya at na pasimple nitong sinasabi sa kanya na banggitin naman niya ang pangalan nito sa kanyang ama sakaling kailangan ng heneral ng bagong *aide-de-camp*, hindi na siya nakipagkita pa ulit sa hinayupak.

Hindi naman siguro ganoon si Chris.

“Ikaw? Gusto mo ba d’un?” balik niya na pilit pinapapili ang lalaki.

Napangiwi si Chris. “Actually, mas gusto kong sa labas na lang kumain. Kung dito kasi baka hindi tayo makapag-usap nang maayos. Mas gusto ko ’yung tahimik na lugar na lang.”

Matamis ang ngiting ibinigay rito nito Penny. “Sige, sir. Sa labas na lang.”

“Sandali,” sabi ni Chris bago siya makasakay ng kotse at tiningala niya ito.

“Ano ’yun, sir?”

Nagkibit-balikat ito at nagmukha na namang little boy sa kanya. “Tayong dalawa na lang kasi ang magkasama. Puwede bang huwag mo na akong tawaging sir?”

Mas lumaki ang ngiti niya. “Kuya Chris na lang ulit?”

“Kailan mo ba ako tinawag na Kuya Chris?” payak nitong tanong na ikinatawa niya.


Kahit noong nasa Academy, ayaw nitong magpa-kuya sa kanya.

“Sige na nga. Basta kapag tayong dalawa lang, tatawagin na kita ulit na Chris.”

His smile was slow and sexy.

“Good,” sabi nito at isinara na ang pinto ng kotse nang maayos na siyang nakapuwesto.





CHAPTER 3

Maganda ang mood ni Chris kinabukasan nang pumasok siya sa opisina. Excited siyang makita ulit si Penny kaya nag-iisip na siya ng dahilan para sumaglit sa *Bahay Pangarap*. Mahirap kasing basta na lang siya susulpot doon. Kung hindi mahahalatang dumadalaw siya kay Penny, baka mapagbintangan pa siyang may masamang balak kay Miss Cassidy kung mapapadalas siya roon.

Nag-iimbento pa rin siya ng mga dahilan nang muntik makabangga si Major Alejandro “Donnie” Llanes III na papalabas ng opisina nila.

Una lang ito ng isang taon sa kanya sa Academy at hindi siya mahihiyang aminin na isa ito sa mga hinahanggan niya roon. Nang magtapos ang lalaki, agad itong natanggap sa *Special Forces Regiment* ng *Philippine Army*, pagkatapos, kahit bata pa at kaka-promote pa lang bilang major, kinuha na ito ng dating Chief of Staff ng *AFP* na si General Joseph Herrera para maging *aide-de-camp* nito.

Dahil magaling nga, mabilis ma-promote si Donnie. Pero dahil may kinasangkutan itong gulo ilang buwan pa lang ang nakakalipas na may kinalaman sa pagkamatay ng isang heneral, naka-hold ang dapat sana ay promotion na nito para maging lieutenant colonel hanggang sa matapos ang imbestigasyon.

Huminto siya sa paglalakad at tumayo nang tuwid bago sumaludo. Hindi ibinalik ng lalaki ang saludo niya. Hinablot lang nito ang braso niya saka siya hinila para sumunod dito.

Masyado na yata itong nasanay sa *Sentinels Base*. Doon kasi kahit malinaw ang hierarchy—sinusunod pa rin nila ang dati at kasalukuyang mga military ranks ng mga miyembro—pero hindi kasing-istrikto o pormal ng militar. Ilang beses na niyang nakitang napukpok ng folder si Russel Manalo, isang dating tinyente, dahil bigla itong tumatayo nang tuwid at sumisigaw ng “ten-hut!” kapag pumapasok ang boss nila na si Cameron Herrera sa conference room.

Nagtataka, sumunod siya kay Major Llanes.

“Saan tayo pupunta, sir?”

“Ipinapatawag tayo ni President Marfori,” sabi nito na madilim pa rin ang ekspresyon. At dahil alam ni Chris na malapit ang loob ng superior officer niya sa presidente, hula niya hindi iyon ang dahilan ng pagkakasimangot ni Donnie.

“May problema po ba?”

“Tinawagan kasi ako kanina ni Colonel Padilla. Sinabi niyang ni-reassign niya tayo sa perimeter.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Chris. “Akala ko ba close-in tayo. Kaya nga tayo kinuha para maging personal



na bodyguards ni President Marfori.”

“Yun na nga,” nakasimangot ding sagot ni Donnie. “Kaya ewan ko kung ba’t biglang gusto niyang maging security guard ako sa gate ng *Malacañang*.”

Sinulyapan niya ang katabi, hindi sigurado kung nagbibiro ba ito o literal na iyon ang gustong ipagawa rito ng commander ng *PSG*.

“So kakausapin natin si President Marfori para iklaro ‘yung bagong orders?”

“Babanggitin ko. Tumawag kasi siya pagkababa ko ng telepono pagkatapos kong makausap si Colonel, eh. Mas gusto kong itanong mismo sa kanya.”

Tumango na lang si Chris.



Nang huminto sila sa tapat ng pinto ng opisina ni President Marfori, sinaluduhan sila ng sarhentong nagbabantay roon bago ito kumatok sa pinto. Nang marinig ang tinig ng pangulo, saka binuksan ng sarhento ang pinto para patuluyin sila. Nakaupo sa likod ng malaki nitong mesa si President Marfori.

Sa totoo lang, hindi inakala ni Chris na makakakita siya sa personal ng isang pangulo. Noong bata siya, sa TV lang niya nakikita ang mga ito, sa mga libro o sa pera. Siyempre, laging pormal ang mga ito, naka-Barong ang mga lalaki at kadalasan naka-Filipiniana ang mga babae.

Pero mula nang una niyang makita nang personal ang kasalukuyang pangulo, isang beses pa lang niya itong nakitang naka-Barong. Ngayon, nakasuot ito ng dark blue na polo, maong at sneakers, kapareho ng madalas na porma ni Chris kapag hindi siya nakauniporme.

Bata pa kasi ang lalaki. Ayon sa konstitusyon, kailangang forty years old sa araw ng eleksyon ang isang kandidatong tatakbo sa pagkapangulo. Tatlong araw bago mag-eleksyon ang fortieth birthday ni President Marfori.

“Major Llanes, Captain Pascua, upo kayo,” nakangiti nitong bati sa kanila habang sumesenyas na lumapit sila rito. “Gusto n’yo ng kape?”

Nagkatinginan sila bago sabay na umiling.

Si Donnie ang sumagot para sa kanila. “Di na po, sir. Salamat na lang po.”

Naupo sila sa harapan ng mesa nito at tumingin sa kanila ang pangulo. Ipinatong nito sa mesa ang magkasalikop na mga kamay.

“Anything to report?” tanong nito kay Donnie.

“The *Sentinels* are still working with the *ISAFP*, sir.” Ang *ISAFP* ay ang *Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines*. “Kung may marinig kaming bagong intel, ipapaalam namin kaagad sa inyo. As it is, sir, medyo komplikado po kasi. Hindi natin alam kung sino ang pagkakatiwalaan kaya limitado po ang resources natin.”

Bumuntong-hininga ang pangulo. “I know. I also know that you’re doing the best you can. I really appreciate that.”

“Thank you, sir.”

“Isa pa,” simula nito na bumaling kay Chris. “Gusto ko sanang ipakisuyo sa ’yo ang kapatid kong si Cassidy.”

“Sir?” tanong ni Chris, medyo naguguluhan.

“Nakilala mo na ba si Lieutenant Fernandez?”

Hindi alam ni Chris kung bakit parang may kung anong namilipit sa sikmura niya nang banggitin ang pangalan ni Penny.



“Yes, sir. Nakausap ko siya kahapon. Sa Academy pa lang po magkakilala na kami.”

“Good. That’s good. Siya kasi ang head ng team na naka-assign sa kapatid ko. Kung okay lang sa ’yo, at sa ’yo rin, Major Llanes dahil ikaw naman ang CO ni Captain Pascua, gusto ko sanang i-reassign mo siya sa team na nagko-cover kay Cassie.”

Hindi siya tatanggi pero dahil nga CO niya si Donnie, nilingon muna niya ito. Tumango ang lalaki sa kanya bago nila muling binalingan ang pangulo.

“Okay lang po na i-reassign namin si Captain Pascua sa team ni Lieutenant Fernandez, sir, pero tinawagan po kasi ako kanina ni Colonel Padilla. Sinabi po niya na sa perimeter na lang po kami imbes na close-in security ninyo.”

Kumunot ang noo ng pangulo. “I specifically asked for your team kasi gusto kong kayo ang mag-cover sa ’kin,” sabi nito na umiiling. Inabot nito ang telepono at nag-dial. Ayaw mang sabihin ni Chris na pinagalitan nito ang colonel, pero parang ganoon mismo ang nangyari. Ipinaalala nito sa kausap na sa pangulo lang o kay General Fernandez na Chief of Staff ng AFP nagre-report ang team nina Chris. Nang ibaba nito ang telepono matapos ang limang minuto, naayos na nito ang gulo.

“Huwag n’yo na lang pansinin ’yang si Sigmund. Medyo masama lang ang loob n’yan dahil pinili kong lumapit sa *Sentinels* kaysa magtiwala nang 100% sa mga bata niya.”

Gusto ring itanong ni Chris kung bakit nga ba pero baka wala sa lugar ang tanong na iyon. Puwede naman nilang pag-usapan iyon ni Donnie mamaya paglabas nila.

“Major Llanes, I’ll give you my assistant’s number. Sa kanya ka makipag-coordinate tungkol sa schedule ko.”

Binuksan nito ang isang drawer at may hinanap doon. Nang makita ang mga calling cards ng assistant nito, iniabot nito ang isa kay Donnie.

“Thank you, sir. Kailangan ko nga po palang lumipat ng opisina para mas malapit ako dito.”

“Sabihin mo rin sa kanya. Siya na ang bahalang magayos n’un para sa ‘yo.”

“All right. Thank you, sir.”

Nilingon nito si Chris. “And about you being assigned to Cassie. Okay lang ba ‘yun?” tanong nitong muli.

“Of course, sir. But if I may, mas mataas po kasi ang rango ko kay Lieutenant Fernandez. Will I be taking over the command of the team?”

Baka kasi mainsulto si Penny na bigla na lang itong alisan ng command dahil lang dumating siya.

“I assume you would be. Kasi kung hindi, will you be willing to work under her?”

Nanatiling blangko ang mukha ni Chris kahit pa iba ang pumasok sa isip niya sa sinabi nito. Hell, yeah, he’d be willing to work under her... while they were both naked, and he was holding her hips as she rode him.

Anakngput—Umayos ka!

“Of course, sir,” patay-mali niyang sagot na para bang di siya nakaisip ng kademonyohan. “Ayoko pong alisin kay Lieutenant Fernandez ang command niya. Buo na ‘yung team nila and from what I saw yesterday, they’re working well as a cohesive unit. Mas magiging mabilis po ang integration ko sa team kung papasok ako bilang member lang.”



“Sigurado ka, ha,” paniniguro ni President Marfori. “Pasensya ka na kung kinukulit kita, pero kasi bihira lang ang lalaking opisyal na papayag na mag-give way para sa mga subordinates, lalo na kung babae.”

Tumango si Chris. “I’m okay with that, sir.”

Hindi naman mababawasan ang pagkalalaki niya kung uutus-utusan siya ng isang babae. Saka totoo rin ang sinabi niya. Baka lalong magkaroon ng samaan ng loob kung bigla siyang manghihimasok sa team. Buhay at kaligtasan nilang lahat ang nakataya, hindi lang ni Cassidy.

“All right. Ako na ang bahalang tumawag kay Lieutenant Fernandez. Thank you, gentlemen. I won’t take up anymore of your time.”

“Thank you, sir,” sabay nilang saad ni Donnie bago sila tumayo at umalis.

Paglabas nila ng opisina, sinulyapan siya ni Donnie. “Mag-report ka na kay Lieutenant Fernandez.”

Siguro nakita nito ang mabilis niyang ngiti bago pa man niya iyon naitago. Huminto ito sa paglalakad at pinaningkitan siya.

“Chris—” mapagbanta nitong simula.

“Wala ’to, sir!” mabilis niyang tanggi. “Napangiti lang ako.”

“Bawal manligaw,” mariin nitong sabi. “Bawal. Manligaw.”

Tumawa na siya at nagsimulang maglakad paatras mula sa kinatatayuan ni Donnie. “Alam ko, sir. Sinabi na rin ’yan ni Boss Cam sa ’kin. Wala akong masamang balak.”

He just wanted to “work under” Penny.



Ibinaba ni Penny ang house phone sa *Bahay Pangarap* matapos ang tawag ni President Marfori. Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Sinabi nito na in-assign nito si Chris—ano ba? Si Captain Pascua!—sa team niya, at na kahit mas mataas ang rango nito, pumayag itong siya ang manatiling team leader ng mga *PSG* na naka-assign kay Miss Cassidy.

Excited siyang makatrabaho ang lalaki pero kinakabahan siya kasi ni minsan hindi pa sila nalalagay sa sitwasyon na kailangan nitong sumunod sa mga utos niya. Siya kasi sanay na sumusunod sa mga utos nito. Paano ngayong baliktad na?

Natatakot siya na baka maging mitsa pa iyon ng panibago niyang heartbreak kung malalaman niyang bigla na walangya pala si Chris.

“Ateng, ano’ng sabi ni sir?”

Hinarap niya si Glenda, nag-aalala pa rin.

“In-assign daw niya si Captain Pascua sa ‘tin.”

Namilog ang mga mata ni Glenda sa gulat pero sa kabila ng panunukso nito sa kanya, ang mga rango rin nila ni Chris ang una nitong naisip.

“Gagawin siyang team lead?” tanong nito.

Pampalubag-loob kay Penny na mukhang hindi sang-ayon ang kaibigan na mangyari iyon.

“Ayaw mo ba?”

“Eh, may magagawa ba ako? Hamak na sarhento lang naman ako. Pero siguradong mahihirapan akong mag-adjust na siya na ang bagong boss. Siyempre, loyal ako sa ‘yo, eh. Siguro aabutin ng five minutes bago ko siya



matanggap. Mas mabilis kung ngingiti siya sa 'kin. Pero 'yun, mahihirapan talaga ako."

Natawa si Penny at umiling. "Sabi ni sir, mas gusto raw ni Captain Pascua na manatili akong team leader. Okay lang daw sa kanya na tumanggap ng orders mula sa 'kin."

Namilog ang mga mata ni Glenda. "Ay, totoo? Hala, mas lalong gumuwapo si Sir Chris sa 'kin! Sige, mga three minutes na lang, tanggap ko na siya. Kahit di siya ngumiti, basta buksan niya 'yung unang tatlong butones ng uniform niya."

Hinampas na niya ang babae. "Baka may makarinig sa 'yo! Ikaw! Sa lahat ng miyembro ng team ko, ikaw 'yung pinakamataas ang posibilidad na makasuhan ng sexual harrassment!"

Siniko siya nito nang magsimula silang maglakad palabas ng opisina. "Alam mo namang puro salita lang ako! Saka sa 'yo ko lang sinasabi kasi friends tayo."

"Basta, huwag kang maingay kapag nand'yan na si Sir—"

Napahinto siya nang makitang kapapasok lang ng bahay ni Chris. Nagtama ang mga paningin nila at ngumiti ito sa kanya. Automatic na rin ang ngiti niya kasabay ng pagtugtog ng violins sa background at ang pagkanta ng isang di nakikitang singer ng isang love song na tulad ng mga nangyayari sa teleserye bago mag-commercial break.

Natauhan lang siya nang muli siyang sikuhin ni Glenda.

"Good morning, sir!" malakas nitong bati. "Balita ko po bago namin kayong teammate, ah!"

Matagal na pumirmi sa mukha ni Penny ang mga mata ni Chris bago ito mabagal na bumaling kay Glenda.

“Ano ’yun?”

Napahawak ang isang kamay ni Glenda sa dibdib, ang isa ay mahigpit na pumisil sa balikat ni Penny.

“Ay! Di pala ako napansin! Nasaktan ako!”

Siya naman ang naniko. Nakadama siya ng matinding satisfaction nang mapaaray ang kaibigan. “Puntahan mo na nga si Miss Cassidy! Kakausapin ko lang si Captain Pascua.”

Tinapunan niya ang babae ng matalim na tingin dahil alam niyang hihirit pa ito. Ngumisi lang si Glenda at sumaludo bago sila nito iniwan.

“Pasensya ka na kay Glenda, sir,” sabi niya sa lalaki. Hindi niya alam kung bakit nag-iinit na naman ang mga pisngi niya. “Puwede po ba tayong mag-usap sandali?”

“Oo naman.”

Iginiya ni Penny ang lalaki papasok sa home office kung saan niya tinanggap ang tawag ni President Marfori kanina. Isinara niya ang pinto sa likuran niya nang makapasok ang lalaki. Nakatingin ito sa kanya nang harapin niya ito.

Saglit siyang natulala rito dahil parang mas lalo pa yata itong kumisig mula nang makita niya ito kahapon. Nang mapunang napapangiti na ang lalaki, tumikhim siya at nagsimulang magsalita na para bang hindi siya halos maglaway habang pinagmamasdan ito.

“Sir, gusto ko lang po kasing masiguro na okay lang sa inyo ’tong magiging arrangement natin.”

“Ang alin?”

Na katrabaho n’yo ako na may matinding crush sa inyo!

Ahay!

Pero huminga siya nang malalim. “Tatapatin na kita, sir. Sanay kasi kayo na mas mababa ako sa inyo. Baka mahirapan kayong mag-adjust sa idea na ako ang susundin ninyo. Kami kasi ng team ngayon, magkakasama kaming nag-train. Sanay sila, kahit ’yung mga lalaking mas matagal nang sundalo sa ’kin, na ako ang sinusunod. Bihira nilang kwestyunin ang mga desisyon ko. Bago kayo sa team at superior officer ko pa. Kung mahihirapan kayong isaisantabi ’yun, mas makabubuti po kung sabihin na ninyo kaagad sa ’kin ngayon para mapag-usapan na natin kaagad.”

Lumabi ang lalaki na parang bata at nanikip ang lalamunan ni Penny dahil naging napaka-cute na naman nito sa kanya.

“Ako naman ang nasaktan ngayon,” sabi nito na may himig pagtatampo sa tinig. “Parang di mo naman ako kilala.”

Biglang gusto niya itong amuin pero nagmatigas siya. “Sir, mabuti na kasi ’yung malinaw. Si Glenda, si Isko, makukulit ang mga ’yan at kung titingnan, parang wala silang galang sa ’kin. Pero kapag sinigawan ko sila na sumalo ng bala para kay Miss Cassie, gagawin nila ’yun nang walang tanung-tanong dahil trabaho nila ’yun. Trabaho nating lahat ’yun. Gusto ko lang masiguro na hindi kayo magdadalawang-isip na gawin iyon dahil lang babaeng mas mababa ang rango ang nag-utos n’un sa inyo.”

Mabagal na humakbang si Chris palapit sa kanya. Bumilis ang tibok ng puso ni Penny at nanikip ang lalamunan niya.

Diyos ko, ang bango-bango pa rin ni sir.

Napilitan din siyang tumingala nang huminto ito sa harapan niya. Sa totoo lang gusto niyang humakbang palayo kasi pakiramdam niya na-o-overwhelm siya nito pero nanatili siya sa kinatatayuan. Ayaw niyang ipakita na na-i-intimidate siya rito.

Kung gusto niyang patunayan na kaya niyang panindigan ang posisyon niya ngayon, hindi siya maaaring magbigay-daan kay Chris. Dahil kung ngayon pa lang ay aatrasan na niya ito, paano pa siya nito irerespeto bilang team leader?

“Huwag mo akong itulad sa ibang lalaki, Lieutenant Fernandez,” sabi nito na mababa ang tinig. Napalunok siya dahil noon niya napagtantong baka nainsulto nga niya ito. “I assure you, secure ako sa pagkalalaki ko at alam kong hindi ’yun mababawasan kung tatanggap ako ng orders mula sa isang babae.

“Pero dahil nag-aalala ka, aaminin ko. I may question you. Miyembro ako ngayon ng isang team na nakikinig sa input ng lahat ng mga miyembro nila, regardless of rank. Hindi naman kasi nakabatay sa rango ang kaalaman o galing. Minsan mas maganda ang ideya ng isang sarhento kaysa sa ideya ng isang heneral. But rest assured, ma’am, na kapag nasa gitna na tayo ng laban at naniniwala kang mas makakabuti para sa ’kin ang tumalon sa *Ilog Pasig*, tatalon talaga ako kung iyon ang utos mo.”

His eyes were still hot with temper as he looked down into her face.

God, she wanted to kiss him.

Tumango si Penny. At dahil alam niyang kailangan, nanghingi na siya ng sorry. Hindi naman siya ganoon



kaarogante na hindi niya tanggap ang pagkakamali niya.

“I apologize, Captain Pascua. I should have known better.”

Hindi ito sumagot at nanatiling nakatingin sa kanya, pinag-aaralan ang mukha niya.

“Sinu-sino sila?”

Kumurap siya. “Sinu-sino po ang alin?”

“Yung mga nagsabing hindi ka nila kayang respetuhin bilang superior officer dahil babae ka?”

Nag-iwas siya ng tingin at tuluyan nang humakbang palayo. “Hindi lang siguro dahil babae ako. Siguro dahil din sa maliit ako.” Tinalikuran niya ito at inabot ang seradura ng pinto para makatakas na sa nakaliliyo nitong presensya. Hinawakan ni Chris ang braso niya. Nilingon niya ito at binigyan ng malawak na ngiti para iwasan ang topic na gusto nitong pag-usapan. “Welcome to the team, sir. Halina kayo, ipapakilala ko kayo d’un sa iba.”

Saka siya nagmamadaling lumabas ng opisina.

Narinig niyang bumuntong-hininga si Chris pero sumunod ito sa kanya.

Mali pala siya. Hindi si Chris ang magiging problema. Siya pala. Hirap na hirap siyang itago ang crush niya rito noon noong nasa *PMA* pa sila. Baka ngayon, bigla na lang niya ito hilahin sa isang bakanteng silid para molestyahin.

Nakakahiya na nga, sigurado pang babarilin sila pareho ng tatay niya kapag nalaman nito. Alam niyang dadaplis lang siya ng ama, pero sigurado niyang tutuluyan nito si Chris. Marami pang dahilan kung bakit hindi iyon maaaring mangyari.